1

Naalimpungatan si Cathy sa loob ng bus. Nakatulog siya sa kabila ng pagpilit na hindi ipikit ang mata dahil baka makalampas siya sa destinasyon. Iyon nga ang nangyari.

Napasilip siya sa bintana para tingnan kung saan na siya naroon. Bawas na ang laman ng bus kaysa kaninang sumakay siya kaya kahit nahihilo dahil sa alak, lumipat siya ng puwesto patungo sa malapit sa driver.

Dis-oras na rin sila naghiwalay ni Renato, katrabaho niya sa women's magazine kung saan isa si Cathy sa mga editors. Sa sobrang sama ng loob sa mga nangyayari sa buhay niya, inaya niya ang binabaeng kaibigan para mag-inuman.

Una, dahil iyon ang huling araw nila sa work. Sa Lunes ay wala na silang trabaho dahil naibenta na ang women's magazine sa isang malaking kompanya na nasa ganoon ding linya. Siyempre mayroon silang matatanggap na separation pay kahit paano. Kasama iyon sa agreement na pinirmahan bago naibenta ang kanilang magazine. Pero hindi sila ia-absorbed ng bagong management.

Ang pangalawang dahilan ay dahil natagpuan ni Cathy ang kanyang best friend na nakikipagharutan sa condo ng nobyo niya noong isang araw lang. Of all people! Hindi talaga makapaniwala ang dalaga na siya pa mismo ang nakadiskubre sa pagtataksil ng dalawa.

"Mamâ, sa Imus lang po ako ha," aniya sa konduktor na nasa unahan.

"Bayan ng Imus, Miss?" tanong nito.

"Oho."

"Naku, nakalampas na tayo. Kanina sumigaw ako ng Imus n'ung nasa bayan tayo. Akala ko nakababa na lahat d'un."

"Pakipara na lang dito, bababa na ho ako," inis na sagot ni Cathy. Agad namang tumabi ang bus at huminto. Hilo pa rin siya habang bumababa.

Napatingin siya sa suot na relo, it was almost midnight. Nahihilo na talaga siya at iba na ang kanyang pakiramdam. Nilakad niya ang daan pabalik papuntang bayan ng Imus. Habang naglalakad, hindi niya maiwasang hindi maalala ang pagtataksil na ginawa ni Lance at ng kanyang best friend na si Mimi.

"I'm sorry, Cathy. I didn't mean to fall in love with

him. We didn't mean to fall for each other," paliwanag ng kaibigan noong gabing iyon.

Isang malakas na sampal ang hindi niya napigilang ibigay rito. "Don't fool me with your lies," puno ng poot na asik niya habang patuloy na tumutulo ang luha. "Hindi kita mapapatawad, kayo ni Lance. Ginamit mo lang ako para makuha siya. Alam ko naman na noon pa ay may gusto ka na sa kanya, di ba? You are a user!"

"That's not true!" galit na sigaw nito sa kanya.

"You just did. Magsama kayo tutal talaga namang bagay kayo." Saka siya mabilis na tumalikod at patakbong umalis sa lugar na iyon.

She could feel pain gripping her heart nang maalala ang huling pag-uusap nila ng kaibigan—dating kaibigan pala. Magkaibigan na sila mula pa college at nagkasira lang dahil sa isang lalaki.

"How could you two do this to me, Mimi," mapait na bulong ni Cathy sa sarili. Hindi niya mapigilan ang pag-iyak. Halu-halong emosyon ang kanyang nararamdaman sa mga sandaling iyon. Idagdag pa ang problema niya sa kanyang pamilya at ngayon, nawalan pa siya ng trabaho.

Gusto niyang magalit; magsisisigaw nang mga sandaling iyon. May plano na sana sila ni Lance pero

nasira lang iyon at dahil sa kanyang best friend. Pakiramdam ni Cathy ay paulit-ulit na tinatarakan ng punyal ang kanyang puso.

Mas lalo na siguro siyang hahamakin ng stepmother niya. Parang ngayon pa lang ay nakikinita na niya ang malulutong na halakhak nito.

"You are good for nothing, Cathy!" parang naririnig niyang sigaw ng kanyang madrasta na si Sheila sa mukha niya.

"You're a loser! You're a loser!" segunda naman ng kapatid na si Merly kasabay ng isang malakas at nakakatulig na halakhak.

May katotohanan iyon. Ano ba ang maipagmamalaki niya? Sinubukan niyang patunayan ang sarili sa kanyang kapatid, sa kanyang madrasta, maging sa ama na walang ginawa kundi kampihan ang mag-ina at balewalain siya. Wala siyang ibang ninais kundi ang tanggapin siya ng mga ito, mahalin.

Namatay ang kanyang ina ilang araw pagkapanganak sa kanya dahil sa komplikasyon sa panganganak. Hindi iyon matanggap ng papa niya. Sinisi siya ni Dindo kung bakit nawala ang asawa nito. Lumaki si Cathy sa pangangalaga ng kanyang Lola Mercy, ina ng kanyang papa.

Muling nakapag-asawa ang kanyang ama at tuluyan na siyang nakalimutan nito. Nagkaroon ito ng iisang anak na babae. Nasa elementary siya noon nang bawian ng buhay ang abuela kaya walang nagawa ang ama kundi ang kupkupin siya sa bahay nito. She lived a miserable life sa piling ng kanyang ama at ng pamilya nito. Ang pagmamahal na hinahanap niya ay patuloy na hindi niya naramdaman kahit tinutugunan ng ama ang mga pangangailangan niya sa pag-aaral. Pero ang atensyon nito ay nakasentro sa half-sister niyang si Merly. Okay din naman sa kanya si Mama Sheila niya, kaya lang siyempre, nasa tunay na anak ang pabor nito. Ito ang kinakampihan at inaasikaso, samantalang siya ay halos pabayaan lang.

Life was not easy for her growing up. Natuto siyang magsumikap sa pag-aaral hanggang sa makatapos ng Journalism. And indeed she excelled in everything she did.

Pero ngayon, pakiramdam ni Cathy, maging ang mundo ay laban sa kanya. She had no friend to count on, no boyfriend to run to. At higit sa lahat, walang pamilyang tatanggap sa kanya. She felt her life was getting no sense, no purpose at all. She felt she was getting at the end of her rope. Pakiramdam ng dalaga ay wala na siyang dahilan para mabuhay dahil sa mga nangyayari sa kanya.

Committing suicide came to her mind for many times. Kahit papaano ay may takot pa rin siya sa Diyos. Iyon na lang siguro ang pumipigil sa kanya na wakasan ang kanyang buhay dahil sa takot. She was fearing the unknown.

Hindi mapigilan ni Cathy ang luha sa awa sa sarili. Siguro nakalimutan na siya ng Diyos. How many times did she pray, but it seemed her prayers were unheard, unanswered.

Nasa ganoon siyang pagdadalamhati nang biglang bumuhos ang ulan kaya nagmadali siyang tumawid mula sa isang kantong kinaroonan patungo sa kabila kung saan may silungan. Lalong bumuhos ang malakas na ulan kaya lalo siyang nainis sa sarili. Pinagkakaisahan yata siya ng lahat, maging ng langit.

Hindi niya napansin na mayroon palang sasakyan na nagmamadali paliko sa highway kung saan siya naroon at patawid. Bago pa nalaman ni Cathy, bahagyang tumama na ang harapan ng sasakyan sa kanyang tagiliran. Nawalan ng panimbang ang dalaga kaya bigla siyang bumagsak sa kalsada. Dahil sa tama ng alak, pagkasayad ng kanyang likod sa lupa ay nawalan siya agad ng malay.

2

Cathy woke up the following morning with a throbbing pain in her head. Marahan niyang iminulat ang mga mata. Pero ang liwanag na nagmumula sa bukas na bintana ay nakakasilaw sa kanyang mga mata na may kasabay pang pananakit ng ulo. Napaungol na pumikit siya muli, sapo ang ulo.

Noon lang niya na-realize na napakalambot ng kanyang higaan. Langhap din ng dalaga ang mabangong amoy ng paligid kaya napadilat siya habang pilit na pinapakalma ang nararamdamang sakit ng ulo. Mas lalo siyang nagulat at kinabahan nang maramdamang wala siyang suot na kahit na ano. Napasilip siya sa ilalim ng kumot at napasigaw nang makumpirma ang kanyang hinala.

Nasaan ba siya? Bakit siya naroon sa kuwartong iyon na hindi pamilyar sa kanya? Ano ang nangyari?

Muling gumuhit ang sakit sa kanyang ulo. Biglang nag-flash sa isip niya ang nangyari nang nakaraang gabi simula sa inuman nila ni Renato, sa pagbaba niya sa bus, sa pagbuhos ng ulan at ang pagbagsak niya sa kalsada dahil sa sasakyan na bumangga sa kanya.

But she was alive. Pero bakit ganito ang lagay niya. Napagsamantalahan ba siya habang walang malay? Pinakiramdaman ni Cathy ang sarili, wala siyang nararamdamang masakit sa katawan.

Biglang bumukas ang pintuan kaya napahalukipkip siya habang mahigpit ang kapit sa kumot na nakabalabal sa katawan. Takot na napaurong siya hanggang sa masukol sa headboard ng kama kahit nang makita niya ang isang napakaguwapong lalaki.

"Are you alright?" Nasa mukha ng kaharap ang pag-aalala. "I heard you scream," dugtong nito nang hindi siya makaimik bagkus ay nakatitig lang sa nakakaakit nitong mukha.

Paano ba siya makakapagsalita? Pakiramdam ni Cathy ay biglang tumigil ang lahat ng bagay habang nakatitig siya sa mukha ng kaharap. 'Starstruck' would be the right word to describe what was happening to her. Naka-shorts lang na pambahay ang estranghero, t-shirt at isang pares ng tsinelas. Maamo ang mukha nito at ang mga mata ay tila nakangiti lagi.

Nahimasmasan ang dalaga nang muli niyang maramdaman ang pagkahilo. Napangiwi siya. Alam niyang epekto ng alak na ininom niya nang nakaraang gabi kaya parang lumulutang ang kanyang pakiramdam.

"Are you alright? Is there something wrong?" Marahan itong lumapit sa kanya.

"S-sino ka? At… at bakit narito ako?" nakuha niyang itanong. Matalim siyang tumingin dito nang medyo nakayanan niya ang pagkahilo. "Ano ang ginagawa ko dito? Sino ang nagdala sa akin dito? Ano ang ginawa mo sa akin? Ba't wala akong damit?" Gusto na niyang maiyak habang nakatuon ang tingin sa lalaking hindi agad nakahuma.

"I'm Matt. Matthew Perez. You're in my house. Do you remember what happened last night?"

Siyempre naalala niya. Sino ba ang hindi makakaalala niyon? Inakala nga niyang katapusan na niya. "I-ikaw ang bumangga sa akin?"

"It was an accident. I'm sorry, Cathy. Bigla ka na lang tumawid at hindi kita napansin dahil sa lakas ng ulan."

Napakunot-noo siya. Paano nito nalaman ang kanyang pangalan? "Do I know you?"

Agad na umiling ito.

"How did you know my name?"

"Wala ka na bang ibang matandaan sa nangyari kagabi aside from the accident?"

Lalong kumunot ang kanyang noo. Hindi niya gusto ang tingin nito sa kanya. Why, because he was looking at her with amusement. Hindi siya nagpapatawa kaya hindi dapat ma-amuse sa kanya ang kaharap. "What do you mean?"

Huminga si Matt nang malalim. "Wala ka sigurong matandaan dahil sa kalasingan mo. I brought you to the hospital last night to have you checked but we didn't take long dahil nagwawala ka na at gusto mo nang umuwi."

Sinubukan niyang makaalala. This time she could remember bits of memories pero parang malabo sa kanyang alaala. Siguro talagang epekto iyon ng kalasingan niya. Natatandaan nga ni Cathy na nakikipag-away siya sa isang doktor. Maliban doon, wala na siyang maalala kahit ano pa. Hindi niya alam kung paano siya nakarating sa silid na ito.

"N'ung dalhin kita sa kotse para ihatid ka sa bahay n'yo ay mabilis ka nang nakatulog. I tried to wake you up but I guess you're dead tired and so drunk that you were not responding. Kaya dito na kita dinala sa bahay ko since dito ang daan ko and I have no place to bring you to."

"Nasaan ba ako?"

"Here at my house in Batangas."

"Batangas?" Nanlalaki ang mga mata na napatitig dito.

"You heard me right, Cathy." He chuckled.

"Paano mo ulit nalaman ang pangalan ko?"

"Because you said so. Cathy Vera, right?"

Nabanggit nga niya siguro. Pero duda pa rin ang dalaga. Naalala niya ang kanyang bag. "Nasaan ang bag ko? Baka naman pinakialaman mo 'yung bag ko," aniyang naghihisterikal na.

Umiling ito. "It's in my car, hindi ko na nakuhang dalhin dito. It's safe there, don't worry."

Nakahinga ang babae nang maluwag. Nandoon ang kanyang mga IDs at ATM cards.

"H-how do you feel now? May masakit ba sa 'yo?"

Hindi sumagot si Cathy. Kanina pa niya pinapakiramdaman ang katawan. Maliban sa pananakit ng kanyang ulo na alam niya dahil sa epekto ng alak, wala naman siyang ibang nararamdaman na kakaiba. Alam niya, hindi naman siya nabunggo nito dahil agad itong nakapagpreno. Pero naramdaman pa rin niya ang pagsayad ng harapan ng sasakyan

sa kanyang tagiliran kahit hindi ganoon kalakas ng impact. Gayunpaman, ang pangyayaring iyon ay nagdulot ng trauma sa kanya kahit papaano kaya parang biglang nag-shutdown ang kanyang utak sa nerbiyos at nawalan siya ng malay.

"Huwag kang mag-alala, si Manang Lolet ang tumulong sa 'yo na matanggal ang damit mo dahil basang-basa ka at tulog na tulog," ani Matt nang hindi sumagot.

Biglang namula ang kanyang pisngi. Kanina pa niya gustong itanong iyon, hindi lang makuhang isatinig. Kahit paano ay nakahinga si Cathy nang maluwag na malaman na hindi ito ang nagtanggal ng damit niya.

"Sinubukan ka naming gisingin pero hindi ka magising. Sabi ni Manang Lolet, hindi ka na niya nagawang bihisan dahil nahirapan siya kasi ang sarap ng tulog mo kaya hinayaan ka na lang niya na ganyan ang ayos."

Nakakahiya kahit sabihin pang babae ang nag-alis ng damit niya.

"Don't worry, parang nanay ko na 'yung si Manang Lolet," anito na tila na-sense ang naglalaro sa kanyang isip. "She'd been my nanny since I was

a toddler."

Hindi sumagot si Cathy. Iniisip niya ngayon kung ano ang gagawin dahil napakalayo na pala ng kanyang narating. Isa pa, pakiramdam ng dalaga ay nanlalambot siya at nahihilo. Idagdag pa doon na tila tatrangkasuhin siya dahil nananakit ang kanyang mga kasu-kasuan at kalamnan. Hindi niya alam kung epekto pa rin iyon ng hangover o dahil nababad siya sa tubig at sa basang damit nang nakaraang gabi habang nasa biyahe.

"So ngayon, wala namang nakitang galos sa 'yo at sana nga walang na-fracture nang bumagsak ka. But still, the doctor strictly told me to bring you to the hospital for another checkup to make sure that you are really fine. As of now, I will let you eat your breakfast and give you time to put on some clothes before we go to the hospital. Papupuntahin ko dito si Manang Lolet to bring you your food and clothes."

"S-salamat…" simula niya, bago na-realize na nalimutan niya ang pangalan ng kausap.

"Matt," he supplied.

"Thanks, Matt," aniyang hindi makatingin sa kaharap. Ngayon pa lang ay parang gusto na niyang maglaho sa kahihiyan at sa sobrang kabutihan na

ipinakita ng estranghero.

"That's it. I like the sound of my name in your lips," nakangiti nitong sagot.

Naramdaman ni Cathy ang muling pamumula ng kanyang mga pisngi dahil sa narinig.

"By the way, meron ka bang kamag-anak para maipaalam natin ang nangyari sa 'yo?"

"No, I'm okay," agad na saad niya. "I… I can go home alone. Don't worry about me, kaya kong umuwi mag-isa."

Muli na naman niyang naalala ang mga problema—si Lance, si Mimi, ang kanyang papa, ang asawa nito at ang kanyang half-sister. Thoughts about them were like big waves crashing over her again.

"Hindi kita pauuwiin hangga't hindi ka natitingnan ulit ng doktor," seryosong sambit ni Matt; hindi niya mabasa ang ekspresyon sa mga mata nito, pero formal ang tono nito. "Tatawagin ko lang si Manang Lolet para makapag-almusal ka."

Hindi siya umimik. Mayamaya ay lumabas na rin ito sa kuwarto.

3

Matt saw pain in her eyes when he mentioned about relatives. Hindi niya alam kung ano ang pinagdadaanan ni Cathy. Nakaramdam siya ng awa dito na gusto niya itong aluin. He wanted to reach out to her and touch her as if that could alleviate her pain. Pakiramdam ng binata ay para itong isang mamahaling bagay na madaling mababasag kapag hindi iningatan ang paghawak. Something was very interesting about this woman.

Last night was a terrible night. Galing siya ng Imus sa bahay ng kanyang ex-girlfriend na si Patricia dahil gusto siya nitong makita. She broke their engagement more than a month ago. Ang dahilan ng dalaga, hindi na raw ito sigurado sa nararamdaman para sa kanya at magiging unfair daw kay Matt kung patuloy ang kanilang relasyon.

He asked if there was a third party involved. She denied it, of course. Pero hindi man ito umamin, alam niya na mayroong ibang lalaki na dahilan kung bakit nanlamig na lang ito sa kanya. Siyempre nasaktan siya; mahal niya si Patricia. Ito lang ang babaeng sineryoso niya at binalak na pakasalan.

Last night was an awkward night for him and Patricia. Matapos ang halos mahigit isang buwan na naghiwalay sila at sa muli nilang pagkikita, pakiramdam ni Matt ay iba na ito kaysa dating Patricia na nakilala niya. He knew that she was insinuating for another romantic chapter of their relationship. Wala itong sinasabi pero iyon ang nababasa niya sa mga kilos at titig nito sa kanya.

Patuloy pa niyang pinag-aaralan ang puso kung ano ang totoong nararamdaman niya para sa dating nobya. Oo, sinaktan siya nito pero naging okay naman sila after the break up. Kahit paano, naging magkaibigan din naman sila.

Pero hindi na niya makapa iyon sa kanyang puso. Ang totoo, he felt relieved that it was her who broke up their engagement. Habang nagtatagal ay mas lalo siyang nakukumbinse na hindi na niya ito mahal at napatunayan nga sa pagkikita nila nang nakaraang gabi. Wala na siyang nararamdaman para sa ex-girlfriend.

Magtatagal pa sana siya roon kung hindi lang tumawag ang kanyang Ate Rizza at sinabing tumaas ang presyon ng dugo ng kanilang ina kaya kailangan niyang umuwi ng Batangas. Dalawa lang silang magkapatid at ang kanyang ate ang laging kasama ng

mama niya sa bahay nila sa Batangas, samantalang siya ay laging nasa Manila para pangasiwaan ang kanilang negosyo. Paminsan-minsan na lang siya umuuwi ng probinsya dahil abala siya sa trabaho.

Sa sobrang pagmamadali at kasabay pa ng pagbagsak ng malakas na ulan, halos napuruhan niya ang babae nang mabangga niya ito sa gitna ng daan habang tumatawid. Mabuti na lang at kaagad siyang nakapag-brake dahil kung hindi, baka tuluyan na siyang nakadisgrasya talaga.

Hindi alam ni Matt kung ano ang gagawin, kaya kaagad niya itong itinakbo sa pinakamalapit na ospital para masuri agad. Nawalan kasi ito ng malay kaya natakot siya. Nang magising ang babae at magwala na gustong umuwi, saka niya na-realize na lasing lang pala ito.

Humugot siya ng malalim na hininga nang maalala si Cathy. Kasalukuyang naroon siya sa kanyang mini-library na siya ring nagsisilbing opisina niya kapag naroon siya sa bahay. Pagkalabas ni Matt ng kuwarto kanina ay humingi siya kay Manang Lolet—na kanyang katiwala sa bahay—ng pagkain at ilang damit na puwedeng gamitin ng kanilang bisita.

Kaninang madaling araw pagdating niya sa Batangas ay agad niyang dinala sa isang guestroom

si Cathy at inihabilin ito kay Manang Lolet bago siya dumerecho sa kanilang malaking bahay na nasa loob din ng compound. Kinumusta muna niya ang kanyang mama. Nakahinga siya nang maluwag nang makitang maayos naman ang lagay nito. Tanging ang Ate Rizza lamang niya ang kanyang pinagsabihan ng totoong nangyari kung bakit siya na-delay ng uwi. Baka lalo lamang makasama sa kalagayan ng ina kapag nalaman nito na kamuntikan siyang makasagasa. Sinabi na lang ni Matt na mayroon siyang biglaang bisita. Saka na lang niya ipapaliwanag sa ginang kapag bumuti na ang lagay nito.

Malaki ang compound na iyon na malapit sa dagat. Ang mansion na pag-aari ng kanyang mga magulang ay medyo malayo sa dagat di gaya sa ipinatayo niyang pad na nasa tabing dagat mismo. Mayroon iyong tatlong kuwarto at isang mini-library. Halos puro salamin ang mga dingding niyon lalo na sa parte na nakaharap sa dagat. Ang malalaking kurtina ang nagsisilbing tabing kung gusto niya ng privacy at night ambiance kahit umaga. Mayroon din iyong swimming pool na katamtaman ang laki.

Actually, he built the house in preparation for his marriage. Akala ni Matt ay para na iyon kay Patricia, hindi pala. He believes God has in store something more or even better for his future than what he had

thought and anticipated after Patricia broke their engagement.

Mayroon silang beach resort na madalas puntahan ng maraming turista at ang namamahala niyon ay ang kanyang kapatid na si Rizza. Doon ito nakatira, kasama ang asawa nito at isang anak na babae. Ito rin ang kasa-kasama ng kanyang mama simula nang mamatay ang kanilang papa.

Pagkalipas ng kalahating oras, pinuntahan siya ni Manang Lolet sa mini-library. Inabutan siya nito na nakaupo sa swivel chair habang malalim na ginugunita ang mga nangyari.

"How is she?" untag ni Matt sa katiwala. He moved forward and propped his arms on the table.

"Nakakain na siya. Pinilit kong ubusin niya 'yung pagkain."

"Good. Nagkasya naman po kaya ang mga damit na dala n'yo sa kanya?"

"Sa tingin ko, kasya naman. Halos magkasing-katawan lang sila ni Rizza."

"Is she getting ready? I need to bring her to the hospital for another checkup. I wanna make sure she'll be fine before she leaves."

"Iniwan ko na siya pagkakain para makapagbihis na."

"Salamat po, Manang."

"Bueno, maiwan muna kita at kailangan ko pang daanan ang mama mo dahil aalis mamaya ang Ate Rizza mo papuntang bayan. Maitanong ko lang, tungkol kay Cathy, wala daw ba siyang kamag-anak na puwede nating sabihan ng tungkol sa nangyari sa kanya?" Nasa mukha nito ang pag-aalala.

"Hindi ko po alam," aniya sabay hinga nang malalim.

"Tinanong ko din siya tungkol sa kanyang pamilya pero wala siyang sinabi, ayaw magsalita. Mukha naman siyang mabait, at napakagandang bata pa. Mabuti na lang, hindi napapa'no."

Pinilit ni Cathy na kumain dahil kinulit siya ni Manang Lolet na ubusin ang pagkaing dala nito. Mabait naman ang matanda na sa tantiya niya ay nasa humigit-kumulang limampung taong gulang. Palakuwento ito kahit madalas na hindi siya sumasagot sa mga tanong nito.

Pagkalabas ng ginang ay mabilis niyang dinampot

ang dala nitong damit na sa tingin niya ay pulos bago dahil may tags pa. Mayroon din iyong kasamang underwear kaya ang laki ng pasasalamat niya.

Nahihilo ang dalaga pero pinilit niyang magbihis. Muli siyang bumalik sa higaan dahil pakiramdam niya ay inaapoy na siya ng lagnat. Agad na nagkubli si Cathy sa ilalim ng kumot dahil giniginaw siya, kahit mainit ang balat.

Paano ba siya makakauwi kaagad kung ganitong mukhang aabutan pa siya ng sakit? Masyado na siyang nakakaabala. Hindi niya alam kung ano ang iniisip ni Matt sa kanya. Baka iniisip nito na nagpapakamatay siya kaya bigla siyang tumawid ng kalsada para magpasagasa. She wouldn't dare do that. Lasing lang talaga siya nang nakaraang gabi.

Biglang bumukas ang pinto kaya napatingin siya sa pumasok.

"Hi," nakangiting bungad ni Matt nang pumasok ito ng silid. Nagtaka ito nang makita siya na nakahiga pa rin. "Are you alright? I thought ready ka nang magpa-checkup tayo ngayon sa doktor para siguruhing okay ka na. But if you still want to sleep, sure, no problem."

Pumikit siya at tumango. She tried to control

her hands from shaking. Parang nangangatal ang kanyang katawan at ayaw na niyang mang-istorbo pa. Kaya naman niyang alagaan ang sarili.

Pero tila napansin ni Matt na may mali sa kanya lalo na sa kanyang hitsura. "Are you okay, Cathy?"

Hindi siya sumagot. Naramdaman niyang lumapit ito at sinalat ang kanyang noo.

"Oh my goodness," bulalas nito nang mahipo ang mainit niyang balat. "You are burning high with fever."

Dumilat ang dalaga. Dama niyang namimigat ang kanyang mga mata. "D-don't w-worry about me. I'll be fine. P-promise. Magpapahinga lang ako nang kaunti at…" Ipinikit niya ang mga mata. "And then, I, I can go. Thanks anyway for, for everything…" Pakiramdam niya ay lumulutang ang kanyang isip.

"And go where? You don't even have a family," tila pigil ang galit na sambit nito.

Muli siyang dumilat, namimigat ang mga mata niyang namumungay. Wala na siya sa wisyo para makipag-argue dito dahil tila parang inililipad sa malayo ang kanyang isip. Naramdaman niyang umupo sa gilid ng kama si Matt habang sinasapo ang kanyang mukha ng mga palad. Nakapagbibigay-

ginhawa ang dantay ng kamay nito sa kanyang noo, pisngi at braso habang bumubulong ng mga bagay na hindi na niya maintindihan. Gusto niyang sumiksik sa binata dahil pakiramdam niya maiibsan ang panginginig ng kanyang katawan sa sobrang lagnat kung gagawin niya iyon.

Agad na tinawagan ni Matt si Dr. Anton na kanilang family doctor para puntahan siya sa kanyang bahay. Sinabi niya rito ang tungkol sa sitwasyon ni Cathy. Binilinan siya nito na bigyan ang dalaga ng cold compress para bumaba ang lagnat. Wala siyang ibang mautusan dahil umalis na si Manang Lolet, kaya siya ang gagawa niyon.

Kumuha siya ng cold pack at inilagay sa freezer. Habang pinapalamig iyon ay kumuha muna siya ng bimpo at inilublob iyon sa isang maliit na palanggana ng malamig na tubig, piniga, saka ipinampunas sa noo ng pasyente. She almost jerked when the cold and damp cloth touched her forehead.

"It's okay. You'll be okay," mahinang bulong ni Matt habang marahang pinupunasan ang mukha nito ng bimpo.

Mayamaya, bigla itong umungol at umupo nang

tuwid na tila nakahugot ng lakas. Kaagad itong tumayo kahit nanghihina saka tumakbo papuntang banyo.

"Are you okay?" nag-aalala niyang usisa habang nakaalalay sa babae.

Lumuhod si Cathy sa harapan ng bowl at isinuka ang lahat ng kinain habang nakakapit sa gilid niyon.

"Oh, God," naaalarmang bulalas niya habang hinahagod ang likuran ng dalaga. He silently prayed for her. Nakikita niyang nanghihina ito pero ayaw pa ring umalis sa tapat ng bowl at naduduwal pa rin.

"Cathy?" mahina niyang tawag, hawak ang magkabilang balikat nito.

Kumuha si Matt ng maraming rolyo ng tissue paper at ipinampunas iyon sa bibig ng babae dahil nanghihina na ito.

Nanatili lang ito roon habang pinapakiramdaman ang sarili.

"Okay ka na?" tanong niya makalipas ang ilang sandali.

She nodded and looked at him apologetically. "I'm s-sorry," she said while catching her breath.

"Silly, you don't have to apologize." Siya na ang nag-flush ng inidoro bago ito pinangko saka binuhat pabalik sa kama. She wrapped her arms around his neck while resting her head against his chest. Her high fever was burning against his skin.

Inilapag niya ito nang marahan sa ibabaw ng kama saka kinumutan. Iniwan niya ito saglit para kumuha ng cold pack na inilagay niya sa freezer kanina. Mabilis siyang bumalik at inilagay iyon sa noo ng dalaga.

He heard her mumble something. Pakiramdam niya nagdedeliryo ito dahil may sinasabi na hindi niya masyadong maintindihan.

"Cathy, are you saying something?" ani Matt habang marahang niyugyog ito.

Bahagya itong dumilat bago muling ipinikit. "H-hindi ako m-masamang tao. I… I was not trying to kill myself either when… when I crossed the road yesterday. I was just… I was lost… totally lost." Naghahabol ito ng hininga na tila nahihirapan sa pagitan ng paghinga.

Inilapit niya ang mukha sa mukha nito para lubusang marinig ang sinasabi nito. "What do you mean?"

"I… I was mad. I was angry. I was depressed," pagtatapat ng maysakit.

Hindi niya alam kung nagsasalita ito dahil lang sobrang taas ng lagnat nito, o dahil ayaw nitong magsalita kahit kay Manang Lolet.

"It's alright, Cathy. God has never left you. No one is accusing you of anything, you don't have to explain but I appreciate you for telling me that. You'll be fine, I promise." Hinaplos niya ang pisngi ng dalaga.

"T-thank you. That's all that I need now." Bahagya itong ngumiti saka tumagilid habang nakakapit nang mahigpit sa kumot.

Natagalan bago dumating si Dr. Anton kaya nakahinga siya nang maluwag nang marinig niya ang busina ng sasakyan nito. Tiningnan ng manggagamot ang pasyente, pagkatapos ay binigyan siya ng gamot para ipainom sa dalaga. Binigyan din siya ng instruction kung ano pa ang dapat gawin.

"There's nothing to worry about, Matt," anang butihing doctor matapos nitong suriin si Cathy. "Trangkaso lang ito. Sa tingin ko, humina ang resistensya niya dahil nababad siya sa basa katulad ng sinabi mo. But she'll be fine. Ipainom mo 'yang

gamot na ibinigay ko sa 'yo every four hours. Citrus fruits will be good for her and lots of water."

"Salamat po, Doc," aniya habang inihahatid ito sa labas ng bahay.

"Are you sure ayaw mo siyang ipa-confine sa ospital?"

Tumango si Matt. "Puwede naman siyang magpagaling dito lang, right? Her condition is not that serious?"

"It's not. Iniisip ko lang na baka kako ay masyado kang busy ngayon 'tapos sumabay pa 'to sa lagay ng mama mo. But she'll be fine. Kaagad ding gagaling ang pasyente mo lalo na kung ikaw ang mag-aalaga." May himig-panunudyo ang huling tinuran ng doctor.

Napangiti ang binata. "It's not like that, Doc. Iniisip ko lang na kung nasa hospital siya, magiging masyadong hassle on my part. Mas panatag ako kung nandito lang siya. Anuman ang mangyari anumang oras ay agad akong makakapag-respond. Kargo ko siya hangga't nandito siya."

"O siya, hindi na ako magtatagal. Pakainin mo muna ulit siya ng kahit mainit na sabaw lang bago mo painumin ng gamot. Patuloy mo rin siyang i-cold compress hangga't hindi bumababa ang temperature

niya."

"Thanks po, Doc," sagot ni Matt.

"You're welcome."